
# DAPAT KA BANG MAGPASURI PARA SA HEPATITIS B?



Ang hepatitis B ay isang virus na umaatake sa atay at maaaring maging sanhi ng kanser sa atay.

Maraming tao ang hindi nakakaalam na sila ay may impeksiyon dahil wala silang nararamdaman o hindi sila mukhang maysakit, ngunit maaari nilang maipasa ang virus sa iba.

Mayroong ligtas at mabisang bakuna na makakapigil sa hepatitis B.

## Kumakalat ang hepatitis B mula sa

- Isang buntis papunta sa sanggol sa panahon ng panganganak
- Pagkakadikit sa dugong galing sa isang taong may impeksiyon
- Pakikipagtalik
- Panghihiram ng pang-ahit, sipilyo, o panggupit ng kuko

## Ang hepatitis B ay HINDI kumakalat sa pamamagitan ng:

- Pagsasalo sa pagkain o paghihiraman ng kasangkapan sa pagkain
- Pagyakap, paghalik o paghawak ng kamay

# SINO ANG DAPAT MAGPASURI

- Mga buntis
- Mga nakatira kasama ng isang taong may hepatitis B
- Mga taong ipinanganak sa mga lugar kung saan mas karaniwan ang hepatitis B, gaya ng Africa o Asia, o may mga magulang na ipinanganak sa mga nasabing lugar
- Mga taong may ilang partikular na salik na nagdudulot ng panganib

Para sa iba pang impormasyon:

www.cdc.gov/hepatitis/hbv/

doh.wa.gov/hepbhub

Hep B Hub

doh.wa.gov/hepbhub

Washington State Department of Health

DOH 420-408 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Inakma nang may pahintulot mula sa Minnesota Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Minnesota)